DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION
RECEIVED
BY:
DATE: 2-19-26
TIME:
LIGAO CITY DIVISION

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V - Bicol
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN
SANGAY NG LUNGSOD LIGAO

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION
RELEASED
BY:
DATE: 2-19-26
TIME:
LIGAO CITY DIVISION

*Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan*

21926133

18 Pebrero 2026

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 0092, s. 2026

**PABATID SA MEMORANDUM PANSANGAY BLG. 52, S. 2026**
**2026 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS**

Sa mga: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Tagamasid - CID & SGOD
Kinauukulang Punong-guro/Pinuno ng mga Paaralang Sekondarya (Publiko at Pribado)

1. Ipinababatid ng tanggapang ito ang Mekaniks at Pamantayan ng dalawang kategorya sa READ-A-THON-FILIPINO sa taong ito na isasagawa sa Deogracias P. Princesa Memorial High School ngayong Pebrero 23-24, 2026.

| KATEGORYA | BAITANG |
|---|---|
| DokyuWento | Baitang 10 (JHS) |
| Limang(5) Minutong Talumpating Adbokasiya | Baitang 11 / Baitang 12 (SHS) |
| ***Tingnan ang Kalakip Blg. 1 para sa Mekaniks at Pamantayan*** | |

2. Mangyaring sundin ng mga kinauukulang mga tagasanay, mga kontestant, at mga kasapi ng TWG ang Matrix ng Gawain para sa maayos na daloy ng kompetisyon.(Tingnan ang Kalakip Blg. 2).

3. Ang ibang mga probisyon na binanggit sa Pansangay na Memorandum Blg. 52, s. 2026 ay mananatili.

4. Para sa kaalaman, patnubay at pagtalima ng lahat ng kinauukulan.

**NYMPHA D. GUEMO**
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

# 2026 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS

## Pamantayan sa Read-A-Thon (Filipino)

### I.Kategorya A - DokyuWEnto

### Mga Tuntunin para sa Pagpapatupad ng DokyuWento

Timpalak sa pagbuo ng malikhaing dokumentaryong Filipino sa kritikal na pagpapahayag ng mga kuwento at danas ng mga Pilipino

Ang kategorya, bilang ng mga mag-aaral na kalahok, gurong tagapagsanay, at laangoras para sa DokyuWento ay ang sumusunod:

| **Kategorya** | **Bilang ng Mag-aaral na Kalahok** | **Bilang ng Gurong Tagapagsanay** | **Laang- Oras** |
|---|---|---|---|
| **Sekondarya** | | | |
| DokyuWento | 3 | 1 | 6 Oras |
| **Kabuoan** | **3** | **1** | |

| **KATEGORYA A** | **DokyuWento** |
|---|---|
| **YUGTONG KINABIBILANGAN** | Ikatlong Yugto |
| **BILANG NG MGA KALAHOK** | Tatlong (3) Mag-aaral mula sa Baitang 10 at Isang (1) Tagapagsanay |
| **LAANG ORAS** | 6 na 0ras: (2) oras sa pagsusuri ng mga teksto, pananaliksik at pagbuo ng iskrip; at apat (4) na oras sa pagbuo ng video at iba pang teknikal na kailanganin |
| **PAMANTAYAN SA PAGGANAP** | Nakabubuo ang mga mag-aaral ng sariling multimodal na presentasyon **(DokyuWento)** na nagpapakita ng kasanayang komunikatibo, malikhaing pagsasalaysay, mapanuring pag- unawa, at etikal na pananagutan sa pagpapahayag ng makatotohanan, angkop, at napapanahong impormasyon tungkol sa isang paksa para sa tiyak na layunin at target na babasa na kapaki-pakinabang sa pagganap bilang makabansa at global na mamamayan. |
| **IKA-21 SIGLONG KASANAYAN** | Komunikasyon, Pagkamalikhain, Kritikal/Mapanuring Pag-iisip, at Kasanayan sa ICT / Digital Skills |

| | |
|---|---|
| **DOMEYN SA CREATIVE INDUSTRIES** | Performing, Audio-Visual and Digital Domain |
| **TUNGUHING KARERA** | Multimedia at Creative Production Journalism, Communication, at Media Community Development, at Social Work Public Relations |

| | |
|---|---|
| **DESKRIPSIYON** | Nilalayon ng **DokyuWento** na magamit ang Wikang Filipino sa pagpapahayag ng mga danas ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagbuo ng malikhaing dokumentaryo habang nalilinang ang kasanayan sa pananaliksik, pagsasalaysay, at mapanuring pag- iisip at pinahahalagahan ang wika, kultura, at mga usaping panlipunan. Binubuo ng timpalak na ito ang natamong mga kasanayan sa pagkatuto ng Filipino mula sa unang yugto hanggang sa ikatlong yugto. Bubuo ng limang (5) minutong dokyumentaryo ang mga kalahok tungkol sa isang tiyak at napapanahong paksa. |
| **TEKNIKAL NA ESPESIPIKASYON** | |
| **A. MGA MATERYAL, KAGAMITAN, KASANGKAPAN AT IBA PANG KAUGNAY** | **Dadalhin ng mga kalahok:** mobile phone, tripod/gimbal, wireless lapel, power bank at cord na akma sa laptop para sa paglipat ng file.<br><br>Technical Specification ng Mobile Phone (*minimum*)<br>● 8 GB RAM<br>● 128 storage<br>● 8-12 core processor<br>● 1080p-4k *camera resolution capable to install video editing applications like Capcut (free) and Adobe Premier Rush Adobe license from DepEd* |

| | |
|---|---|
| | Galing sa Tagapamahala:<br>● Kaugnay na artikulo, batas, balita, mga saliksik at iba pang teksto<br>● orasan at flaglets<br>● Mga opisyal na papel sa pagtatala ng marka<br>● Sound system<br>● mga sertipiko<br>● mga lapis<br>● mga ballpen mga folder<br>● mga larawan o kagamitang nakatuon sa tema at layunin<br>● bond paper<br>● holding area, silid ng paghahanda at silid paligsahan<br>● laptop |

| | |
|---|---|
| **B. LUGAR NA PAGGAGANAPAN** | 1. Silid kung saan bubuoin ang *storyboard* at/ o konsepto ng DokyuWento. Mahalagang komportable ang mga mag- aaral na makapag-isip at hindi siksikan ang silid.<br>2. *Gymnasium* o isang maluwang na lugar kung saan nila gagawin ang DokyuWento.<br>3. *Auditorium* o *Function Hall,* lugar kung saan panonoorin ang DokyuWento |

**C.MGA PAMANTAYAN SA PAGTATANGHAL**

✓

| ✓ **Mga Pamantayan** | **Bahagdan** |
|---|---|
| ✓ **Nilalaman**<br>✓ Angkop ang natukoy na paksa mula sa mga ibinigay na teksto at may malinaw na batayan;<br>✓ Holistiko at maayos ang pagkakabuo ng DokyuWento<br>✓ May *Hook* na maaaring nagpapakita ng tanong,<br>○ estadistika, o nakakagulat na impormasyon<br>✓ Malinaw ang ugnayan ng mga konsepto at kaisipan<br>✓ Angkop at tumpak ang mga salitang ginamit. | 40% |
| **Kalidad/ Presentasyon**<br>✓ Mabisa at malikhain ang paggamit ng wika;<br>✓ Natatangi ang teknik na ginamit;<br>✓ Angkop ang daloy ng ideya; at<br>✓ Gumamit ng *visual effects* hal.<br>✓ video transition/animation | 30% |
| ✓ **Hikayat/ Dating sa madla**<br>✓ Nakapanghihikayat at kapanapanabik ang bawat daloy<br>✓ Naipakikita ang empatiya at responsableng pananaw | 20% |
| ✓ **Nakasunod sa Takdang Oras**<br>✓ Naipasa sa takdang oras<br>✓ Nakasunod sa limang (5) minutong DokyuWento | 10% |
| **Kabuoan** | **100%** |

**MEKANISMO NG TIMPALAK**

***Bago ang Pagganap***

1. Bawat paaralan sa sekundarya ay magpaparehistro ng tatlong (3) kalahok mula sa Baitang 10 at isang (1) tagapagsanay mula sa publiko o pribadong paaralan.
2. Puting t-shirt (walang pagkakakilanlan ng paaralan) at maong na pantalon ang suot ng mga kalahok.
3. Isang araw bago ang timpalak magsasagawa ng pag-inspeksiyon ang Technical Working Group (TWG) ng mga mobile phone kung ito ay sumunod sa mga teknikal na kahingian ng timpalak gayundin ang iba pang pangangailangan. Dapat tiyaking fully charge ang mga mobile phone bago ibigay sa TWG. Pagkatapos ng inspeksiyon, dapat i-off ang mga mobile phone para maka-save ng battery. Bilang tanda, lalagyan din ito ng bilang ng kalahok. Ibibigay lamang ito sa oras ng timpalak.

4. Sakaling ipagkakaloob ng TWG ang gagamiting mobile phones, tiyakin ang compatibility ng iba pang mga gagamiting gadget (gaya ng tripod/gimbal, wireless lapel, power bank, at cord na akma sa laptop para sa paglipat ng file) sa ibinigay na mobile phone.
5. Tandaan na ang lahat ng gagamiting kagamitan ay nararapat na pasok sa technical specification na itinakda ng Kagawaran. Ang paggamit ng mga applications na may ready-made templates ay mahigpit na pinagbabawal at maaaring maging dahilan ng deskalipikado ng kalahok.

***Habang Gumaganap***

1. Sa silid-hintayan ibibigay ang mga babasahing teksto gaya ng artikulo, batas, balita, mga saliksik at iba pang teksto na magiging hanguan ng paksa para sa bubuoing DokyuWento.

2. Ilalaan ang dalawang (2) oras sa itinakdang silid upang basahin at suriin ang mga teksto. Tutukuyin ang paksa na pagbabatayan ng bubuoing dokyumentaryo. Ang TWG ang titiyak sa kaangkupan ng teksto sa antas ng mga kalahok. Pagkatapos matukoy ang paksa, susulat ang kalahok ng balangkas ng konsepto, iskrip o storyboard. Maaaring gumamit ng panulat at papel na ibibigay ng TWG.

3. Ang natitirang apat (4) na oras ay ilalaan sa pag-shoot at pag-edit na gaganapin sa isang maluwang na silid-paligsahan/espasyo. Dito, malayang makagagalaw ang mga kalahok upang mag-shoot at mag-interview ng kanilang bubuoing DokyuWento.

Hindi pahihintulutan ang pakikipag-usap ng mga kalahok sa kapuwa kalahok maging sa kanilang tagapagsanay. Hindi maaaring lumapit ang mga tagapagsanay sa mga kalahok na mag-aaral ngunit pinahihintulutan ang pakikipanayam sa ibang lokal. Sa timpalak, bibigyan lamang ang mga kalahok ng anim (6) na oras para buoin ang DokyuWento.

Sa pagbuo dapat walang ibang application ang mobile phone na

gagamitin maliban sa **Capcut at Adobe Premiere Rush**.

4.Magmumula lamang sa TWG ang mga pagpipilian at gagamiting sound effects, video clips, at sound bed at hindi dapat gumamit ang mga kalahok ng internet connection o mobile data sa pagbuo nito.

5.Itataas ng TWG ang berdeng flaglet tanda ng pagsisimula ng kanilang pagshoot. Malayang magagamit ng mga kalahok ang apat (4) na oras sa pagkuha ng larawan at video, pag-shoot at pag-edit. Itataas ang kahel na flaglet bilang hudyat sa nalalabing tatlumpung (30) minuto.
Ang bidyo na gagawin ay hindi lalagpas ng limang (5) minuto. Sa huling sampung minuto, itataas ng TWG ang pulang flaglet hudyat ng pagsasapinal at pag-save ng video. Mahigpit na ipinapaalala na ang pag-save ng file ay bahagi ng kabuoang oras.
Ibabawas sa probisyon sa pamantayan na:
Nakasunod sa Takdang Oras sa mga minutong huli sa pagpasa.

| Labis na Oras sa Pagpasa | Kabawasan |
|---|---|
| 1-10 segundo | 1 puntos |
| 11-20 segundo | 2 puntos |
| 21-30 segundo | 3 puntos |
| 31-40 segundo | 4 puntos |
| 41 - pataas | 5 puntos |

6. Sa hudyat ng NTWG, sabay-sabay na ipapasa ang lahat ng mobile phone. Ililipat ng NTWG sa itinakdang laptop ang lahat ng nabuong video.

Pagkatapos ng Pagganap

7. Sa itinakdang oras, ipapalabas ang lahat ng nabuong *video* sa isang silid paligsahan ayon sa pagkakasunod-sunod. Bibigyan ito ng kapasiyahan ayon sa rubric. Magbibigay din ng feedback ang mga hurado para sa higit pang pagpapaunlad ng mga kasanayang nililinang kaugnay sa timpalak.

8. Ang mga DokyuWento na lalampas sa itinakdang limang (5) minuto ay magkakaroon ng kabawasan ng puntos ayon sa rubric.

9. Ang desisyon ng hurado ay pinal at hindi mapasusubalian.

**Rubric para sa DokyuWento**

| Kategorya | 4 -Napakahusay | 3 - Mahusay | 2 - Katamtamang Husay | 1 - Kailangan pang Paghusayin |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Angkop na paksa mula sa teksto na may malinaw at mahusay na batayan; holistiko at maayos na pagkakabuo; may epektibong hook (hal. tanong/estadistika); lubos na malinaw ang ugnayan ng konsepto at tumpak ang lahat ng salita. | Angkop na paksa na may batayan; holistiko at maayos ang pagkakabuo; may hook; malinaw ang ugnayan ng konsepto at karamihan tumpak ang salita. | Bahagyang angkop sa paksa na may batayan; may hook ngunit mahina; may ilang hindi malinaw na ugnayan o hindi tumpak na salita. | Hindi angkop ang detalye sa paksang napili o walang batayan; hindi holistiko; walang hook; hindi malinaw ang ugnayan o maraming hindi tumpak na salita. |
| **Kalidad/ Presentasyon** | Lubos na mabisa at malikhain ang wika; natatangi at orihinal na teknik; perpektong daloy ng ideya; may epektibong visual effects (hal. video transition/animation). | Mabisa at malikhain ang wika; may natatanging teknik; maayos ang daloy; gumamit ng visual effects ngunit hindi lubos na epektibo sa madla. | Bahagyang mabisa ang wika; karaniwang teknik; hindi laging angkop ang daloy; may visual effects ngunit hindi epektibo. | Hindi mabisa ang wika; walang natatanging teknik; hindi maayos ang daloy; walang visual effects. |
| **Dating sa Madla Hikayat** | Lubos na nakapanghihikayat at kapana-panabik ang bawat daloy; malinaw na naipakita ang empatiya at | Nakapanghihikayat at kapana-panabik; naipakita ang empatiya at responsableng pananaw ngunit hindi laging | Bahagyang nakapanghihikayat; may empatiya ngunit hindi kapana-panabik o responsableng pananaw. | Hindi nakapanghihikayat; walang empatiya o responsableng pananaw. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | responsableng pananaw na nakakaengganyo sa madla. | malakas. | | |
| **Nakasunod sa Takdang Oras** | Naipasa sa eksaktong takdang oras (5 minuto); perpekto ang pagsunod sa limitasyon. | Naipasa sa takdang oras (halos 5 minuto); maayos ang pagsunod. | Bahagyang lampas o kulang sa takdang oras (hal. 4-6 minuto); hindi lubos na sumunod. | Hindi naipasa sa takdang oras (hal. masyadong maikli/mahaba); hindi sumunod. |

## II. Kategorya B - Limang-Minuto Talumpating Adbokasiya

| Category | Component | No. of Learner Participant | No. of Teacher Coach | Time Allotment |
|---|---|---|---|---|
| **Secondary** | | | | |
| Limang-Minuto Talumpating Adbokasiya | Read-A-Thon | 1 | 1 | 96 minuto |
| **Total** | | 1 | 1 | |

| | |
|---|---|
| **COMPONENT AREA** | **READ-A-THON** |
| **ANTAS** | Key Stage Three (4): Senior High School |
| **PAMAGAT NG EVENT** | **Limang-Minutong – Talumpating Adbokasiya** |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isang(1) SHS (G11 o G12) na mag-aaral ang magiging kalahok ng bawat paaralan, at isang (1) Tagasanay |
| **TIME ALLOTMENT** | 96 minuto kasama na ang paghahanda |
| **PAMANATAYN SA PAGGANAP** | Ang mag-aaral ay maghahatid nang isang mahusay na talumpati para sa isang espesyal na okasyon sa pamamagitan ng paggamit ng epektibong berbal at di-berbal na mga estratehiya sa tulong ng ICT bilang kagamitan. |
| **IKA-21 SIGLONG KASANAYAN** | Kasanayan sa Komunikasyon<br>Kasanayan sa Impormasyon, Media at Teknolohiya,<br>Kasanayan sa Pagkatuto at Pagbabago<br>Kasanayan sa Buhay at Karera |
| **CREATIVE INDUSTRIES DOMAIN** | Performing Arts Domain |

| | | |
|---|---|---|
| **TUNGUHING KARERA** | Multimedia at Creative Production Journalism, Communication, at Media Community Development, at Social Work Public Relations | |
| **DESKRIPSIYON** | **Limang -Minutong Talumpating Adbokasiya** | |
| **TEKNIKAL NA ESPESIPIKASYON** | | |
| **E. MGA MATERYAL, KAGAMITAN, KASANGKAPAN AT IBA PANG KAUGNAY** | Dadalhin ng mga kalahok:<br>• Laptop installed with MS PowerPoint 2010 or latest version | Ihahanda ng TWG/event organizer:<br>• Project<br>• Extension cords<br>• HDMI/VGA Cables<br>• Flash Drives |
| **F. LUGAR NA PAGGAGANAPAN** | Holding Room<br>Preparation Room<br>Contest Room | |
| **CRITERIA FOR JUDGING** | | |

| Krayterya | Bahagdan |
|---|---|
| **Pagkakabuo**<br>• Nakabuo ng maikli, lohikal, at makabuluhang talumpati kaugnay ng paksa o temang ibinigay.<br>• Gumamit ng mga salitang kumakatawan sa sariling kaisipan, damdamin. At ekspresyon.<br>• Naglahad o bumanggit nang maayos na sanggunian. | 40% |
| **Presentasyon at Kalidad ng Tinig**<br>• Malinaw magsalita, tiyak, may hikayat, at angkop ang tindig, taginting, intonasyon, at modyulasyon.<br>• May katamtamang lakas na sapat upang marinig ng tagapakinig.<br>• Naibigay ang talumpati sa isang pormal, marangal, nakakaengganyo, at mapanghikayat na paraan.<br>• Naisagawa sa loob ng itinakdang oras | 30% |
| **Presentasyon Gamit ang Media**<br>• Gumamit ng angkop at epektibong mga pamantayan sa pagtatanghal (kulay, mga epekto/animasyon, bilang ng mga linya sa bawat slide, mga larawan). | 20% |

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION BAGONG PILIPINAS
Binatagan, Lungsod Ligao (052) 201-2672 ligao.city@deped.gov.ph

| | | |
|---|---|---|
| | **Galaw Pantanghalan**<br>• Nagpakita ng kumpiyansa at angkop na tindig o projection, mga ekspresyon ng mukha, at mga kilos. | 10% |
| | **Kabuoan** | 100% |

**MEKANIKS**

A. Ang **Limang Minutong Talumpating Adbokasiya** ay bukas sa lahat ng nasa Baitang 11 o Baitang 12 na mag-aaral na kasalukuyang nag-aaral mula sa publiko o pribadong paaralan. Bawat paaralan ay magpapatala ng isang (1) mag-aaral at isang (1) tagasanay.

B. Isasagawa ang *draw lot* ng mga kalahok para sa kanilang bilang, 30 minuto bago magsimula ang patimpalak.

C. May **APAT (4) NA YUGTO** ang patimpalak na ito.

**Unang Yugto (Phase 1)** – **Pagkabisa at Pag-unawa sa Teksto** (30 Minuto)

1. Bibigyan ng TWG ng tatlong (3) angkop na tekstong impormasyonal na nakaimbak sa flash drive ang mga kalahok sa panahon ng kaganapan sa Holding Room. Ito ay kukunin sa kanila bago ang kanilang pagtatanghal.

2. Ang mag-aaral-kalahok ay bibigyan ng tatlumpung (30) minuto upang basahin ang mga teksto.

**Ikalawang Yugto (Phase 2)** – **Pagbabalangkas ng Paksa** (20 minuto)

1. Ang mga kalahok ay bibigyan ng 20 minuto upang gumawa ng balangkas para sa kanyang presentasyon gamit ang laptop.

**Ikatlong Yugto (Phase 3)** – **Paghahanda ng Presentasyon** (40 Minuto)

1. Gagamit ang mag-aaral na kalahok ng MS PowerPoint at isasaalang-alang ang mga pamantayan sa pagtatanghal at mga nararapat na mga magagamit mula sa pinagkuhanang teksto, tulad ng mga larawan, graphics, o anumang makikita sa MS PowerPoint.

2. Ang bawat presentasyon ay limitado hanggang sa 15 slides lamang, at ang bawat slide ay dapat awtomatikong naka-set sa 20 segundo. Ang oras ng pagtatanghal ay **5 minuto lamang.**

3. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng 30 minuto para ihanda ang kanyang presentasyon at 10 minuto para mag-ensayo at tapusin ang kanyang awtput.

4. Dapat i-save ng kalahok ang file gamit ang filename format:
   Hal. Kalahok Blg. 1_5MinTA

5. Dapat kolektahin at i-save ng TWG ang file sa kanyang laptop at tiyaking gumagana at handa na ang file para sa presentasyon.

Kapag na-saved na, hindi papayagang buksan ng kalahok ang kanyang laptop.

**Ikaapat na Yugto (Phase 4) – Presentasyon** (6 Minuto)

1. Bago ang presentasyon, ang mag-aaral ay binibigyan ng 1 minuto para sa technical check at limang (5) minuto para sa presentasyon.
2. Itataas ng TWG ang berdeng bandila para ipahiwatig ang pagsisimula ng slide presentation.

D. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagdadala ng alinman sa sumuusunod sa ibaba sa buong panahon ng patimpalak:

E. Using and bringing of any of the following are prohibited in the entire event:
   - cellphone o ib pang gadyet
   - Sangguniang kagamitan/handouts
   - Kopya ng anumang kuwento
   - Costumes at props
   - Instrumentong musikal/ saliw na tugtugin

F. Ang mga kalahok ay dapat nakasuot **corporate attire** sa panahon ng patimpalak.


Binatagan, Lungsod Ligao (052) 201-2672 ligao.city@deped.gov.ph

**Pangkalahatang Komite:**

NYMPHA D. GUEMO
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

MELCHIZEDEK C. TONGCO
Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

TITA V. AGIR
Punong Tagamasid, CID

ERNIE M. BARANQUEL
Punong Tagamasid, SGOD

**Komite sa Paggawa**

LEOPOLDO C. BRIZUELA, JR.
Tagamasid ng Programang Pang-edukasyon sa Filipino

| KOMITE | PANGALAN | PAARALAN |
|---|---|---|
| Venue at Akomodasyon | Jholy O. Quintan<br>Phoebe Ann R. Lopez | DPPMHS |
| Label ng mga Rooms | April Ann Apondar | DPPMHS |
| Programa, Paanyaya at PPT | Dianna Rose P. Fernandez-Torres | Ligao NHS |
| Sertipiko at Gawad | Bernardita M. Jaucian | Bacong NHS |
| Rehistrasyon | Xera Mila D. Embido | LECS |
| Tagapamahala sa Silid Hintayan | Belinda B. Bonacua | LWCES(P) |
| Tagapamahala sa Silid Paghahanda | Mamerta Mae A. Borres | DPPMHS |
| Tagapamahala sa Silid-Patimpalak | Antia Nolasco | DPPMHS |
| Tagapagdaloy | Jordan T. Genoso | Paulba NHS |
| IT | Clemente Cipriano<br>Mark IG Villa<br>Romeo Joseph Quipid | ALS<br>Culliat ES<br>LECS |

**PROGRAMA**

23 Pebrero 2026 - 9:30 nu

| | |
|---|---|
| *Preliminaryo*<br>• Pambansang Awit ng Pilipinas<br>• Panalangin<br>• Bagong Pilipinas<br>• Himno ng DepEd SDO Ligao | **AVP (ONLINE)**<br>(Sabay-sabay ang lahat ng Learning Area) |
| *Bating Pambungad* | ***Jojim B. Cordova***<br>*Tagapag-ugnay, DFOT 2026* |
| *Paglalahad ng Layunin* | ***Tita V. Agir***<br>Punong Tagmasid, CID |
| *Panghikayat na Mensahe* | ***Nympha D. Guemo***<br>*Tagapamahilaang Pansangay ng mga Paaralan* |

**READ- A-THON (Filipino) Matrix**

| PETSA AT ORAS | GAWAIN | KASANGKOT |
|---|---|---|
| **23 Pebrero 2026**<br>1:00 2:00 nh | Oryestasyon sa TWG at IT | Tagamasid<br>TWG, at mga IT |
| 2:30 -4:00 nh | Pagpapasa at pag-check ng mga Gadyet para sa DokyuWento ng mga Kalahok at Tagasanay | Kalahok, Tagasanay, at IT |
| **24 Pebrero 2026**<br>8:00-8:30 nu | Oryentasyon at Pagbasa ng Pamantayan at Mekaniks: | Tagamasid<br>Kalahok<br>Tagasanay<br>Hurado |
| 8:30- 3:00 nh | ✓ DokyuWento<br>✓ Limang(5) Minutong Talumpating Adbokasiya | |
| 3:30 -4:30 | Viewing ng Awtput ng DokyuWento at Paghuhusga | |
| 4:30 -5:00 | Gawad-Pagkilala | |